

Kaso ng COVID-19 sa QC, 5 na - Mayor Joy

Kinumpirma ni Quezon City Mayor Joy Belmonte na lima na ang bilang ng mga taga-lungsod ng Quezon na tinamaan ng coronavirus disease (COVID-19).

Sinabi ni Belmonte, na ang ika-limang COVID-19 case ay 26-year-old na lalaki ng West Crame Quezon City na nagtatrabaho sa isang multinational company na walang previous travel history.

“Wala siyang travel abroad, inaalang pa namin kung sino nakalalamuhan niya at kung paano nakuha ang virus, nadala na siya sa ospital outside QC at ang sabi ay na-dengue daw pero nitong huli na confirm sa isa pang ospital na may COVID-19

siya pero dahil wala raw space ang ospital, pinauwi pa siya sa kanilang bahay at kaninang umaga ay napuntahan na at dinala na ng DOH”, pahayag ni Mayor Belmonte.

Sinabi ni Belmonte na pinuntahan na ng mga tauhan ang pamilya ng pasyente na nanay nito at tatlong bata para kunan ng swab at ma-check ang kalusugan.

Anyang ika-4 na COVID-19 case sa QC ay isang 27-year-old na doctor na taga-Barangay Matandang Balara.

Nakuhanan na rin anyang swabbed ang 63-year-old na ina ng doktor at ang sample ay dinala na sa Research Institute for Tropical Medicine (RITM)

para masuri gaya ng ginawa sa swabbed ng mga kasama sa bahay ng ika-5 pasyente.

Kaugnay nito, sinabi ni Belmonte na humahanap siya ngayon ng bakanteng gusali na hindi pa natitirahan upang magamit na temporary quarantine ng mga taga QC na may COVID-19. Sa dami anyang pasyente na nasa under investigation ay puno na ang mga ospital.

“Humanap tayo ng buildings na hindi pa nainagurate at walang nakatira para magamit na quarantine area dahil puno na ng mga pasyente ang mga ospital at para hindi maghiwahiwalay ang mga suspected

COVID-19 ay dito natin iquarantine laluna kung pami-pamilya” dagdag ni Belmonte.

Pinayuhan naman ni Belmonte ang mga informal settlers ng QC na tumawag lamang sa hotline 122 ng QC kung nais ng facial mask.

Sinabi rin ni Belmonte na hindi pa kailangan ang localized lockdown sa QC.

“Kami naman ng mga Mayor sa MM sa meeting e we act as one, pero kung idedeclare ng DOH ay susundin namin pero pag aaralan namin ang impact of lockdown para kung sakali i declare ng DOH ay handa na kami” ayon pa kay Belmonte. *(Angie dela Cruz)*